# Ang Ama at Ina ng Isang Epiko

*Jun Cruz Reyes*

Patay na dapat ang batang si Panganiban. Tanggap na iyon ng kaniyang mga kamag-anak. Sa isang banda'y mainam na rin na namatay itong kasama ng ama. Magsama-sama na silang mag-anak, pati ina sa kaluwalhatian. Masuwerte pa nga silang matatawag, kahit na paano'y nananahimik na, pero ang mga naiwan, parang mga sahog na inihitsa sa kawali. Panay ang sangkutsa sa kanila, na hindi malaman kung saang puwesto babagsak. Iyon ay kung babagsak pa sila ng buhay. Ang problema ng kaniyang angkan ay kung ano ang gagawin sa mga hayop na iniwan ni Panganiban tulad ni Bantay at mga alagang manok. Mahilig sa hayop ang bata. Palibhasa'y maagang naulila sa ina. Nitong huli'y laging isinasama na ng ama sa pagtugpa sa bangka para maglayag sa malayong bayan. Siguro'y naghahanap din ng kausap kapag naiwan sa bahay, kaya ang mga hayop ang nakahiligang kausapin at laruin.

Ngayon, ayaw sumunod ni Bantay, na ang gusto lang gawin ay umalulong nang umalulong. Ang mga inahin nama'y putak nang putak, na parang may nakikita, hindi tuloy matuloy ang pangingitlog. Ang mga tinali nama'y laging balisa na pati bibe ay gustong yariin. Bago na ang panahon mula nang malupig sila ng mga dayuhan.

Natawag na nilang lahat ang mga panginoon, Kumonsulta na sila sa mga *sonat* at *catalonan*. Pati kay Padre Diego de Vivar, na laging nagtatanong sa kanila tungkol sa alamat ng buwaya at kung saan naroroong ang iningatan nitong ginto. Si Pasamba, ang kamag-anak nilang sonat ang nagpaalala na

may sinasabi ang panahon sa pamamagitan ng mga hayop ni Pananiban, hindi pa nga lamang niya iyon mabasa. Humingi siya ng tulong kay Apo Laki, ang panginoon nila ng digma at tagabantay ng araw, gayundin kay Haye at Amanikabli, ang mga panginoon ng karagatan at sigwa. Hiniling niyang tulungan ang bata sakali't iyon ay buhay pa. Ayaw niyang paniwalaan na wala ng bisa ang kanilang mga anito, na daig ito ng anito ng mga puti. Mahirap tanggapin ang pagkatalo. Kaya lihim ang mga ritwal na ginagawa ni Pasamba. Pero wala na yata talagang bisa ang kaniyang mga awit at bulong. Mula nang matalo sila ng mga banyaga, natalo na rin ang kanilang panginoon. Lahat ay nawalan ng bisa. Nagtampo na sa kanila si Bathala.

Mabuti pa si Mangahas, ang ama ni Panganiban, kahit bangkay ay naiuwi. Sayang na bata, naturingan pa namang pinakamahusay na maninisid sa mga bata, ay kung bakit naglahong parang bula. Ang huling natatandaan nila ang laging laman ng kuwentuhan. Nangyari iyon sa dalampasigan ng Bangkusay, bago ang malaking digmaan.

Nang namataan nila ang isang bangkang may lamang tatlong banyaga, agad nagpasiya si Mangahas. Tulad nang dati, kahit saan ito pumunta, laging kabuntot ang bunsong anak. Wala namang alon ay kung bakit tumaob ang bangka. Nang may dumating na panaklolo, kulang ng isang banyaga. Malamang daw ay nalunod gayong marunong naman itong lumangoy., o kaya'y kinain ng buwayang alat. Pero nasaan ang bangkay?

Ang mga nanunubok sa kalapit na sasahan lamang ang nakakaalam sa talagang nangyari. Hingal na hingal ang mag-ama nang umahon mula sa kanilang pinagkukublihan. Halos pumutok ang mga dibdib sa bilis ng paghinga. Hila-hila nila ang bangkay ng isang taong puti, na nakadilat pa ang mata.

Hindi iyon ang pagtakas na iniisip ni Panganiban. Basta kailangan niyang makalayo. Ang paligid na alam niya'y nagpapaalala sa kaniya ng walang katapusang bangunggot. Napapanaginipan niya iyon kahit hindi natutulog. Binabangungot siya ng mga nasaksihan niya noon. Minsa'y dinadalaw siya ng mga babae sa kaniyang panaginip. Masasamang babae. Ang una'y si *Mangangaway*, na siyang may kagagawan ng lahat ng kasamaan sa daigdig. Kitang-kita niya ang suot nitong kuwintas na gawa sa bungo ng tao. Magsisigaw siya pagkakita sa mga bungong nakangisi sa kaniya. Maya-maya'y mag-iiba ito ng anyo, magiging magandang babae, o maamong hayop. Pag nilapitan niya'y nagiging si *Manisilat* naman ito. Ang

panginoong sanhi ng paghihiwalay ng mga mag-asawa sa lupa. Tapos ay ang *Hukluban*, pumapatay ito ng tao sa pamamagitan ng pagtataas lamang ng kamay. Pinagkakasakit siya nito sa panaginip at saka pagagalingin din matapos siyang mangako at maghirap. Pagkatapos ay mananaginip siya ng isang napakagandang babae. Lagi niya iyong nakakatagpo, sanmang may tubig. Sa sapa, sa ilog at sa dagat. Kulay lupang humalo sa baha ang balat nito, hindi ng itim ng banlik ni burak, kundi ng lupa sa bukid. Kulay luwad na pula ang pisngi nito. At ang labi ay parang nilutong palayok. Mahaba ang buhok ng babae. At pamangahas ang babae. Siya na may malulutong na halakhak na tulad ng hampas ng amihan sa mga kagubatan. Siya na ang salita'y tulad ng isang awit. Sinusundan niya ang awit nito ang malamyos nitong awit. Na kung minsa'y nasusumpungan niya sa batis, o sa sapa at sa dalampasigan. Waring kakambal siya ng tubig ng mapayapa at malinaw na tubig. At magigising siyang balisa, may ngiti sa labi pero may butil ng luha sa mata. Di niya tiyak kung iyo'y bunga ng tuwa o pangamba. Sa panaginip niya unang nakilala si Namungan. Hanggang ito'y nagkatawang tao, matapos ang *entrada* sa Kailukohan.

Kasabay ng kaniyang kakaibang panaginip ay ang pagbulas ng kaniyang pangangatawan. Hindi na bagay sa kaniya ang paluha-luha. Naduduwag ang dapat ay tumatapang. Naguguluhan ang kaniyang isipan. Nagagalit siya kaya malimit siyang umiiyak. At ang hindi masabi'y nauuwi sa pananahimik na parang may sinusuma sa isipan. Lagi siyang tulala, na sinasalitan ng pagbulong-bulong. May kinakausap siyang hindi nakikita. Namamatanda siya, sabi ni Pasamba at Bayinda. Hindi, siya'y nagbibinata lamang, sabi ng mga pinsan niyang ngayo'y may mga asawa na. Nangungulila raw sa mga magulang sabi ng matatanda. Nangungulila, hindi sa mga magulang kundi sa kasama. Babae lamang ang gamot sa lumbay, sabi ng kaniyang mga kamag-anak.

Sabi rin ni Balaya at ng mga pininsan, lumayo siya at maghanap ng mapapangasawa. Tutal nama'y walang pinsang-buo na magkakagusto sa kaniya, sa ibang lugar siya maghanap. Sina Itim at Macapagal ay pawang mga pinsang-buo ang napangasawa.

Saka nagpasiya si Panganiban, sasama na lamang siya sa entrada kasama ni Itim na paborito ng mga puti. Doon niya hahanapin ang nawawalang tapang. Galit siya sa mga duwag na ayaw lumaban. Lilipulin niya ang mga duwag, nang ang matira'y ang matatapang lamang. Saka siya gaganti sa talagang mga kalaban. Kakampihan niya ang mga kaaway na mga bagong panginoon.

Isa-isa nilang pinapasok ang mga pamayanan sa Samtoy (Iluko) Palalabasin ang mga tao. Hihingan ng buwis. Kahit ano'y puwedeng maging katapat ng buwis. Mas mainam kung ginto. Kung wala'y kahit bigas at baboy o manok ay puwede na rin. Mas marami ang mas pinipiling lumaban kaysa magbayad ng buwis. Kaya mas marami rin siyempre ang labanan at nasasawi. May ligaya sa kaniyang poot. May kaganapan sa kaniyang poot. Dito'y waring walang kamatayan. Nagkakaroon ng kahulugan ang kaniyang paglaban.

Matapos ang mga labanan, lalayo siya. Maghahanap ng katahimikan. Gusto niya'y naliligid siya ng tubig. Ganoon din ang kaniyang mga ninuno, na laging nasa tabi ng tubig. Doon, kasabay ng lagaslas ng agos o hampas ng alon, sisigaw siya nang pagkalakas-lakas. Pinapakawalan niya ang kinukuyom ng dibdib. Ganoong niya nakilala si Namungan, na natakot ng kaniyang sigaw, na ipinagkamaling paggibik ng isang kalabaw na ligaw. Tumakbo itong natataranta. Waring sinusundan siya ng malakas na unga ng kalabaw. Nadapa siya at siya naman ang nagsisigaw. Nagsagutan sila ng sigaw. Alam ni Panganiban na hindi iyon alingawngaw ng kaniyang sigaw. Napakagandang alingawngaw noon. Matimyas na tulad ng sa isang awit. Agad siyang umahon para hanapin ang tinig. Nagharap sila. Nagtitigan. Siya ang nasindak ni Namungan. Nagkasunod-sunod ang pagtatagpo. Hanggang sila'y ikinasal ni Padre Francisco Lopez, isang Agustino, na may katuwang sa pagkakasal na isang binatiyong bulag na'y pangit pa. Ang binatilyo ang siyang tagasalin sa Tagalog ng sinasabi ng pari, na siya ring tagasalin sa sinasabi ni Panganiban sa Pari. Na nagsasalita ng iba pa, na mga kapuwa taga Samtoy ang ang nakakaalala. Siya raw si Pedro Bucananeg, na sa tingin ni Panganiban ay may pagka dalahira dahil masyadong matanong at massalita. Wala naman siyang magagawa kundi kaibiganin ito para maintindihan niya ang mga kahingian sa dote ng angkan ni Namungan, na bagama't nawawaan niya ang kahilingan ay hindi naman mabigkas ng kaniyang bibig. Mahirap makipag-usap ng patango-tango at pailing-iling lamang.

Matagal na panahon na iyon. Samantala'y nagsama na nga sina Juan Panganiban at Namungan bilang mag-aawa. Ang kapalaran ni Bucaneg ay wala pang paksa ni depinisyon maliban sa pagiging sipsip nito sa mga pari. Ayaw ni Panganiban sa mga sipsip. Nagpatuloy ang walang katapusang entrada nina Panganiban hanggang sa kaloob-looban ng kabundukan ng mga Igolot. Kung saan nanggagaling ang mga ginto, doon sila pumapasok.

Matapos iyon, uuwi na naman siya kay Namungan na may dalang mga balita ng kabayanihan maliwanag sa kaniya ang dahilan pero hindi ang patutunguhan. Hindi nakikinig si Namungan. Naglalaro din ang kaniyang isip sa mga labanan tulad ng una silang magkita. Ang labanang itinuro nila sa isa't isa na naging mabisang pangontra ni Panganiban sa bangungot.

Naglilihi na si Namungan. Tuwang-tuwa si Juan Panganiban. Halos ayaw niyang lumayo sa tabi ng asawa. Napansin iyon ni Namungan. Iyon naman talaga ang gusto niyang mangyari, ang huwag lumayo sa tabi niya ang asawa. Sa bawat entrada nito sa kung saang kagubatan, siya ang kinakabahan. Totoong matapang ang kaniyang asawa, pero hindi nawawala ang pag-aalinlangan. Maraming paano kung… na naglalaro sa kaniyang isipan. Ayaw niyang isipin na sa wala rin matatapos ang kanilang pagsasama. Hindi niya kayang isiping isang araw ay maiiwanan siyang mag-isa. Iniisip niya, matapos siyang manganak. Sasama siya asawa sa bayang pinanggalingan nito. Doon sa lugar na walang digmaan. Sawa na rin siya sa usapan tungkol sa ilan ang napatay at gaano karami ang ganansiya. Sawa na siya sa mga kinagisnang patayan mula ng unang dumating ang mga puti hanggang sa panahon na dapat ay sila lamang mag-asawa ang nagsasama at nagdedesisyon sa buhay nila, pero hindi puwede. Pagkat ang kabiyak niya'y soldado ng mga dating kalaban. Sasama siya sa bayang tinatawag nitong sa *Kasanglayan*. Sasakay sila sa malaking cascoe, na may layag sa malaot na malaot. Malungkot lumayo sa lupang tinubuan, pero mas malungkot sa kaniya ang maiwan ng minamahal.

Lagi silang nagkukuwentuhan. Tungkol sa pamayanang pinanggalingan ni Panganiban. Tungkol sa mga kamag-anak nito na mga kaginoohan ng kanilang bayan. Hanggang abutin siya ng gutom. Kung bakit sa dinami-rami ng pagkain ay yung maasim ang kaniyang hinahanap. Gusto niya ng malasebong sampalok. Maghahanap si Juan. Pero ang sampalok ay minsan lang sa isang taon lumabas, iyon ay kung panahon ng amihan. May sampalok pero hindi malasebo. Kung wala'y kamyas na lang. Gusto ko'y iyong bilog na bilog. Maramng kamyas, pero ang bilog na bilog? Gusto ko'y sintunes, yung luntian at pula, pero ang gusto niya'y ang luntiang matamis at pulang maasim. Gusto ko ng lukban. Iyong nasa pinakaituktok ng puno. Gusto ko'y iyong may tatlong dahong nakakabit sa bunga. Matinik ang lukban. Ang daho'y ginagamit nilang pang-asim ng bagoong. Dati'y dahon ang gusto ni Namungan, iyong medyo mura.

Sa susunod, sana'y hindi maisipan ni Namungan na magpakuha ng mga tinik, sana'y hindi iyong may katas.

Kasabay ng maraming hiling habang nakahilig kay Juan ay ang paglakas ng tibok ng kaniyang tiyan. Ipapakapa niya iyon kay Juan. Hihimasin ni Juan ag sanggol sa sinapupunan na para bang nakikita niya. Kukuwentuhan mo rin siya tungkol sa iyong bayan. May buhay na siya. Makiking din siya. Kuwentuhan mo siya ng mga anting-anting ng mga ninuno. Ng mga kapangyarihan na bigay ng mga anito. Kuwentuhan mo siya nang hindi ka niya makalimutan habangbuhay. Kuwentuhan mo siya nang paawit nang lalo niyang magustuhan.

Magugutom na naman si Namungan. Ayaw na niya ng maasim na bungang-kahoy. Gusto niya'y ang mga lamang-dagat naman. Hinahanap niya ang malaking kabibeng tulad ng berkakan. Hindi ba iyon ang sinisisid mo noong una tayong magkakilala? Noong napagkamalan kitang kalabaw at hinabol mo ako dahil akala mo ako ay sirena? Manguha ka na rin ng ar-arosep at aragan. Iyon ang pinagsaluhan natin noong una mo akong angkinin. Noong hinabol mo ako mula aplaya hanggang bukid, hanggang sapa sa paa ng bundok.

Gusto ko'y alimasag na nababalutan ng gulaman. Kay raming gusto ni Namungan. Gusto kong ibalik natin ang panahon. Bigyan natin ng kahulugan ang mga bagay na nag-uugnay sa atin. Lagi tayong magkaugnay. At dadagdagan pa nila ng pagmamahal ang batang nasa sinapupunan. Magtatalik sila, kasama ang batang hindi pa isinisilang. Palalakihin agad natin siya, malaking-malaki, gagawin natin siyang kakaiba. Pinakamatapang at pinakamalakas sa lahat. Kikilalanin siya ng angkan. Itatala ang kaniyang buhay at tagumpay.

Hindi na halos makagalaw si Namungan sa laki ng tiyan nang maisipan nitong kumain naman ng mga binitag na baboydamo at usa. Huhulihin iyon sa mga hanggahan ng kapatagan at kabundukan. Doon sa malalayong lygar na ang tao'y kasing tulad ng mga tao sa ilap. Ibig sabihin no'y kailangan nang lumayo ni Juan Panganiban. Babalik siya sa kampo para sa naghihintay na tungkulin. May mga entrada pang kailangang isagawa sa Kaigolotan. Nang maisip ni Namungan ang kaniyang nasambit, kinabahan siya. Ayaw na niya ng baboydamo, kung ang magiging kahulugan noo'y ang paglayo na naman ng kabiyak. Muli niyang binimbin ang panahon.

Lalayo ka Juan, pero hindi sa malayong-malayo. Pumunta ka sa kawayanan natin sa Caparian. Tumigpas ka ng pinakamagulang na kawayan.

Iyong hindi kinakapitan ng bukbok. Igawa mo ako ng higaang may sandalan, tulad ng ginagamit ng mga dayuhan. Doon ako magpapahinga pagkapanganak. Pagkatapos noo'y ibili mo ako ng bagong palayok at kalan. Doon ako mag-iinit ng tubig na gagamitin kong pampaligo sa ating anak.

Lumakad si Juan Sinagupa niya ang malakas na hangin at ulan. Kumukulog at kumikidlat sa tanghaling-tapat. Nag-aasawahan na naman ang mga unggoy, o kaya'y isa na namang Sanglay ang mamatay. Di niya alam kung tag-ulan na ba o tag-init pa. Iba ang timpla ng kaniyang panahon. Waring may ibinabadya sa kaniya. Hindi ito Juan ang iyong panahon. May matatapos at may magwawakas, pero hindi ito ang simula ng katapusan.

Ayaw nang tumagpas ng kawayan ni Juan. Tinitigan na lamang niya ang mga inaakalang pinakamainam, iyong matataba at may mahahabang bias. Iyong waring namumutok sa katabaan. Iyong uring bayugin. Saka siya pumikit. Sa isip niya'y hinihiwa ng lintik ang langit. Tinatagpas ang kaniyang paligid. Hanggang may bumabagsak na malapit sa kaniyang paanan. Dumilat siya. Kay ganda ng pagkakaputol ng kawayan. Pantay-pantay na galing sa lalong pinakamainam. Parang sinibak iyon ng isang panday.

Lumingon siya sa paligid. Walang mga aliping mauutusang ipagbuhat siya ng mga nakatali nang kawayan. Hindi iyon nagustuhan ni Juan. Bawal na ang alipin, kaya kay hirap na ring mag-utos sa kapuwa. Binilang niya ang nakasalansang kawayan. Saka siya nag-umpisang maglakad papalayo habang sinasabing bahala kayo riyan. Naghanap siya ng almacen sa parian, malapit sa pueblo para bumili banga, kalan at tapayan. Matapos noo'y nagdan na siya sa kampo para ibalita ang kalagayan ng asawa. Nagkatuwaan sila. Iniinom nila ang tapuy na galing pa sa kaitaasan. Nang umuwi siya, laking gulat niyang nakasalansan na sa silong ng bahay ang mga iniwang kawayan.

Matapos ibaba ang mga bitbit na kargamento, pinili niya ang gagawing haligi ng gagawing kamang may sandalan. Saka niya tinawag si Namungan para tiyakin ang gusto nitong kama na kaniyang higaan. Ang gusto ko'y iyong pagkatibay-tibay. Iyong makakayanan ang bigat ko at ng iyong anak. Ang gusto ko'y iyong yari sa molave, sa gastan at dangla. Kahit na binalatang puno ng bayabas ay puwede na rin. Napakamot ng ulo si Juan. Alam niyang pinatatagal lamang ni Namungan ang usapan. Pati ba naman kahoy ay napapaglihihan?

Dati, ang mga pamamaalam ay panandalian lamang na paghihiwalay. Ngayo'y kinatatakutan ni Namungang mag-isa. Mapanganib ang kaloob-

looban ng Kaigolotan, doo'y waring ang kadilima'y walang hangganan. Pinipigil niya si Juan. May nadarama siyang nakaambang kapahamakan. Malapit na siyang manganak, pilit niyang ikinakatwiran.

Hindi napigil ang lalaki, na habang nalalayo sa kaniyang mahal ay lalong umiinit ang ulo. Pagdating sa campo, ang napag-initan ay si Chacon, ang kanilang Espanyol na kapitan, na noon pa ma'y hindi na niya gusto ang asta at itsura. Sumusunod man siya, naroroon pa rin ang pag-aalinlangan. Galit siya sa mga mapang-utos, galit din siya sa mga katutubong agad sumusuko. Galit siya sa pinahihirapan sila bago sumunod. Galit siya. Hindi malinaw ang puntirya. Si Chacon na naman ang mamumuno sa kanila. Ibig sabihi noo'y kasama lamang nila. Wala naman ito sa unahan ng tropa. Matapang lamang dahil lagi itong may tangang baril, samantalang silang mga katutubo ay sibat at tabak pa rin ang bitbit.

Pinapasuko nila ang maabutan. Bihira lamang iyon. Malayo pa lamang sila'y waring naamoy na sila ng mga Igolot. Makikipaghabulan sa loob ng kagubatan. Igagawi sila sa mga patibong na bitu na may mga nakatayong sibat na naghihintay sa kanilang katawan. Nagpapagulong ng mga bato. Nandadamba. At mga nagpofotad pa, na pagkaingay-ingay, hanggang sila'y parang pinutakte ng kaaway.

Ba't nga magsisisuko, e pag nahuli'y hihingan ng tributo. Hindi rin mapilit na manirahan sa ibaba kasama ng mga Samtoy. Para walang bihag, inuutas na lamang ang lahat ng maabutan sa mga bahayan, ginagalugad iyon para makuha ang pakikinabangan. Mga ginto iyong itinatagao sa mga gusing gawa ng mga Sangley. Kung gayon, ang kalakal nina Lakandula'y nakaabot rin pala hanggang sa pusod ng kabundukan. Patay ang ayaw sumunod at mistulang patay na rin ang mga sumunod at mamatay rin ang nagbibigay sa kanila ng pagod sa walang katapusang pagpapahabol at digmaan sa kagubatan.

Naiinis si Juan sa among utos nang utos. Lintik ka Chacon, iniisip ni Juan. Lintik ka rin Juan, iniisip ni Chacon. Lintik ka Chacon, masabi ang masabi, hindi naman ikaw ang nahihirapan. May tagabitbit ka pa ng iyong mga gamit. Katigas ng ulo, katwirang burat ang alam. Lintik ka rin Juan, boses na iyon ni Namungan. Kinukuli siya. Gagawa ng bata, tapos ako'y iiwan. Akala niya'y madali iyong gawin na tulad ng tumatae lamang. Anong akala mo, sa puwit lumalabas ang bata. Na isang iri lamang na parang tatae at pagkatapos noo'y parang walang anuman, na akala mo'y nagdadahilan lamang.

Ganoon pa ma'y nagkakaisa sila sa kanilang pakay. Matuklasan ang pinagkukunan ng ginto ng mga katutubo.

Lumalakas ang sikad ng bata sa tiyan ni Namungan. Parang may isinasaing sa kaniyang kaibuturan na kukulu-kulo. Winawarat siya, pero wala namang magagawa dahil hindi kaya ng kaniyang katawan. May gustong kumawala sa kaniyang sinapupunan. Hindi rin iyon mapakali, kung minsa'y malakas na sikad ang nararamdaman niya, na lalong nagpapasakit ng kaniyang balakang. Humihilab na naman ang kaniyang tiyan. Kay hirap na pakiramdam. Humihinga siya nang malalim para magkahangin din ang kaniyang dinadalang waring naiinis. Kahihigop ng hangin, kabag naman ang kaniyang nararamdaman. Mas lumobo pa ang kaniyang tiyan. Tunay na siyang nahihirapan. Nagpapalitan ang luha, ang hirap at ang galak. Malapit na, malapit na, saka siya, sumigaw, putang ina mo Juan.

Narinig iyon ni Juan. Agad niyang dinaluhong ang mga kaaway. Walang lingon-lingon, ipoipo siya sa kaniyang palagay, na madadaan ang lahat sa pabilisan.

Iipnatawag niyang lahat ang sa palagay niya'y makakatulong sa kaniyang panganganak. Ipinagmamalaki niya, na para bang kailangan niya ng mga saksi, na ang ipanganganak niya ay tao at hindi tiyanak. Una niyang ipinatawag ang hilot na si Alisot. Ipinahanda niya ang kaniyang bagong palayok at kalan. Nanguha rin si Alisot ng murang dahon ng bayabas at banaba na ipanglilinis sa mag-ina. Saka nito inihanda ang pinatalim na biyas ng kawayan na siyang gagamiting pangputol sa pusod at inunan. Ang inunan ay ibabaon sa silong ng bahay, sa tapat ng higaan ni Namungan. Para ang bata'y laging malapit sa ina at lalaking hindi lagalag, dahil lagi nitong babalikan ang nakabaong inunan na siyang una niyang naging tahanan.

Ipinatawag din ni Namungan ang maninisid na si Marcos. Si Lakay Marcos, na tulad ng kaniyang si Juan, ang siyang magtuturo sa kaniyang isisilang sa mga lihim ng karagatan. Magiging manlalakbay din ang kaniyang bunsong panganay, pero lagi itong uuwi sa sariling pamamahay. At si Pasho, kailangang naroon din. Ito ang pinakamayaman sa kanilang lugar. Si Pasho ang magtuturo sa kaniyang anak sa pagpapalago ng kabuhayan.

Nang sa tingin niya'y may sapat na siyang mga saksi, ipinasiya niyang ito na nga ang oras na dapat siyang manganak. Isa na lamang ang kaniyang hinihiling. Sana'y huwag mangyari ang pangitain na kaniyang kinatatakutan. Noong siya'y nag-iisa na sa buhay, nang mamatay sa labanan ang mga

magulang. Noong siya'y naging dalawa, nang dahil kay Juan Panganiban. Ngayo'y dapat maging tatlo siya. Hindi siya babalik sa pag-iisa.

Nag-umpisa siyang magbilang. Isa. Dalawa. Tatlo. Saka siya umiri. Nararamdaman niyang malaki ang bata sa sinapupunan. Gustong makawala, pero hindi makayanan. Isa pang iri, tindihan mo, sabi ni Alisot. Ginawa niya. Isa pa. Ginawa ulit niya. Ang totoo'y hindi na namamalayan ni Namungan ang sinasabi ng hilot. Ang sinusunod niya'y ang sinasabi ng kaniyang katawan, na mas higit na nakakaunawa sa kaniyang kalagayan. Nang nahihirapan na siyang huminga, umiri siya nang bigay todo, kasabay nang kanyang pagkalakas-akas na pag-utot. Sa halip na lumayo ang hangin, waring hinigop pa nito ang lahat ng hangin sa paligid. Lumamig ang silid. Lumabas ang butil-butil na pawis sa mukha ni Namungan. Basang-basa na rin ang kaniyang buong katawan. Laking ginhawa ng ihip ng hangin, kahit iyo'y hndi na sariwa. Isa pang pagkatindi-tinding iri kasunod ng mas malakas na pag-utot. Nahugot na ang lahat ng lakas at laman sa kaniyang kalamnan.Sa pagitan ng kaniyang hita ay may isang batang nakangiti.

Malaki at madaldal ang bata. Baka nga kaya ito'y isang tiyanak, iniisip ng mga nagsisugod sa silid para makita ang kangina pa hinihintay. Pero hindi, kumpleto ang pigura at itsura nitong pantao at hindi panlamang-lupa.

Ako si Lam-ang. Iyan ang itatawag ninyo sa akin. Ayoko ng pangalang banyaga.

Ito na ba ang kinatatakutan ni Juan Panganiban kung bakit kailangan niyang maglagalag? Ito na ba ang sumpa? Naghahanap siya ng katahimikan. Ayaw niya ng kahit anong ingay hangga't maaari. Siya na waring nag-iipon ng mga salita sa kaniyang isip, ay magkakaroon ng ibang bibig. Ang kaniyang tinig ay bibigkasin ng ibang wika. Ang kaniyang kinukuyom na pag-asa ng pagkakaisa, isasabuhay din ba ng kaniyang punla?

Ako si Lam-ang. Kakaibang pangalan, hindi katutubong Samtoy ni Namungan at di rin ng Hagunoy ni Juan. Saang ninuno nanggaling? Nakanganga lamang si Alisot sa nagsasalitang bagong panganak.

Mali si Alisot. Ang bata raw na ipinaglihi sa maasim ay palasimangot. Bugnutin pa at mainit ang ulo. Ang bagong dating na bata ay masayahin at madaldal. Masalimuot na panahon, kay daming kakaiba. Hindi na rin alam ni Alisot kung sinong panginoon ang tatawagin, ang sa katutubo ba o sa banyaga. Siguro'y natawag niyang lahat noong nagbubulong siya bago nag-umpisang umiri si Namungan. Siguro'y nagsanib sa sinapupunan ng ina ang kapangyarihan ng maraming diyos, kaya ang bata'y higit na pinagpala.

Kung gayo'y isasama na rin niya ang larawan ng bagong diyos sa kaniyang sambahan sa likod ng kanilang bahay.

"Ina, dahil kailangan akong maging binyagan, si Guibuan ang gusto kong maging ninong." Saka siya luminga-linga sa paligid para hanapin si Guibuan. Hindi niya maintindihan kung bakit pawang nanlalaki ang mata at nakabuka ang mga bibig ng mga nakatanghod sa kaniya. Pakiramdam niya ay mga bingi at engot ang mga ito. Nagtatanong ang mga mata at bibig na walang salita ng mga kaharap. Marami ring tanong na nagaganap sa isip ni Lam-ang, iyon muna ang gusto niyang intindihin bago ang mga tanong sa isip ng mga kaharap.

"Isa pang tanong ina, bakit ang daming *umili* (tao) ay wala si ama? Sabihin mo, may ama ba ako talaga o ano? Galing ba ako sa alimuom o ako'y putok s buho lamang?"

Napahalakhak s Namungan. Natauhan din sa wakas. Hindi tiyanak ang kanyang

anak kundi isang batang pinagpala. Kagilagilalas. Para siyang isang bayani ng epikong luma kung magsalita. Siya na nga ang pinagpalang sinasabi ni Fray Francisco Lopez, na tutubos sa kanilang lahat. Iluko nga ang magliligtas sa bayan. Nasabi na iyon ni Apong Marcos niya: Dadakilain ang mga Iluko. Sa ikauunlad ng bayan, disiplina ang kailangan. This country shall be great again. Kung ganoo'y totoo ang ang sinasabi sa simbahang malaki. Tama ang milagro, kaharap niya ang buhay na milagro. Salamat panginoon. Iniisip din niya kung pabibinyagan na niya ang sarili niya ng Maria, dahil siya'y nag-anak ng isang himala. May Juan na sa kanila, na dapat sana'y ginawang Jose. Madaling kumbinsihin ang asawa, pero ang bata'y nagpasiya na si Lam-ang siya at hindi si Jesus. Sayang na pagkakataon. Pero di bale, kung ganoon, ang anak ang siyang magiging katutubong buhay na panginoon. Lam-ang? Ano iyon?

Si Chacon, ang opisyal na Espanyol, sabi sa kaniya ni Juan noon, ay matapang lamang. Lam, sabi ni Namungan. Lamang, sagot ni Juan. Pinag-usapan nila ang katangian ni Chacon. Siguro'y iyon ang huling salitang narinig ng bata sa sinapupunan sa huling pagtatalik ng mag-asawa, nang hinihikayat ni Namungan si Juan na huwag nang sumama sa entrada/reduccion. At siya ay si Lam-ang, hindi basta isang bata lamang.

"Ang iyung ama si Juan Panganiban. Nasa sinapupunan pa lamang kita nang umalis siya para *agpasurong ti (*umakyat) *Kaigooltan*. Pinasok niya ang kasama ni Kapitan Chacon."

"Kaigolotan? Mapanganib doon ina. Pati sarili nila'y sinusugatan para lamang magka-tatoo. Kung gayo'y hayaan ninyong hanapin ko ang aking ama. Kailangan ko siyang makausap, agad-agad"

"Huwag kang magmadali *adeng*. Kapapanganak mo pa lang. Lampa ka pa at patpatin. Saka kulang ka sa..." Hindi niya itinuloy ang kasunod ng kulang sa buwan. "Anak, hindi pa husto ang iyong isipan. Huwag kang magpadalus-dalos, kahit ipinanganak kang may kasamang magic."

Narinig ni Lam-ang ang agam-agam ng Ina, na hindi rin niya isinatinig. Kulang-kulang ka diyan. Kung nagmana ako sa aking ama, di dapat lagalag din ako. Alam naman niyang umalis ang ama. Narinig niya nang nagpaalam ito. Ang gusto niya'y makita at makaharap ang may-ari ng tinig na kabisado na niya. Kailangang kumbinsihin si Ina na hindi ako lampa, ni kulang-kulang sabi ng isip niya. Mula sa pagkakahiga'y pumihit siya. Umupo, at hinugot ang mga pako ng sahig. Saka siya tumayo at tumakbo sa paligid ng bahay, na parag sinasabing: Hetong sa iyo, lampa pala ha? Diyan na kayo, humabol kayo sa tambol mayor.

Tulala syempre ang mga naiwan. Sinasabi na nga bang kailangan ng saksi sa panganganak, sabi ni Namungan sa sarili. Kung hindi, kay hirap ipaliwanang ng mga pangyayari. Pang Guiness Book of Record ang kaniyang anak, balang araw. Ang problema na lamang niya'y kung paano kukumbinsin ang *lallakay* at *babbaket* (katandaan) ng kanilang *ili* (pamayanan). Ang poproblemahin na lang niya'y kung paano kukumbinsihin ang mga kaanak na ang magiging bayani nila'y may dugong Tagalog at hindi purong Samtoy. Hindi iyon magugustuha ng kanilang angkan. Pero okey lang daw sabi ni Apong Marcos. Dagdag boto rin kung sakaling ang labanan ay papalitan na ng bilangan. Paramihan ng kakampi kaysa ubusan ng lahi. Napatulala silang lahat, hanggang naisipan ni *Baket* Alisot na magtimpla ng salabat na may kamoteng pula para sa lahat. Hinigop nila iyon nang hinigop hanggang masaid, kasabay ng panonood ng sip nila sa mala telepantasyang pangyayari at nag-aabang sa susunod na pakikipagsapalaran ng kanilang bukod-tanging pinagpalang bayani ng isang dakilang epiko ng sambayanan. Sinabayan niya iyon ng pagnganga hanggang mamula ang paligid ng bahay sa pula ng kanilang dura. Hanggang ma-high silang lahat. Totoo ang lahat ng istorya. Doon na sa pagkakaupong iyon sila inabutan ng panahon ng kape at tabako. At nitong bandang huli'y ang panahon ng pinakamasarap sa lahat, ang panahon ng malinamnam na basi, na ginawa nilang isang pambabae at isang panlalaki, at nang ipagbawal ay pinagmulan ng kanilang rebolusyon.

Habang pinapasok ang Kaigolotan, mas lumaki si Lam-ang. Para siyang hinihipang lobo na korteng tao. Sa bawat paghinga niya gumigilas ang kaniyang katawan. Ang hindi makasabay sa paglaki niya'y ang kaniyang utak na nanatiling naayon lamang sa kaniyang edad. Di na niya mabilang ang kaniyang naihakbang, habang nag-aaral siya ng *maysa-dua-tallo-sangapulo-sang-ribo-ribu*. (isa hanggang libu-libo). Pero hindi pa rin siya tumitigil sa paghakbang.

Sa tabing Ilog Amburayan, papaitaas ng bundok, nakatuwaan niyang mamulot ng mga kakaibang bato. Yung mga may magic tulad ng *sagang*, *tangrabvan*, *lao-labingan* at iba pa. At dahil namana rin ang hilig ng ama sa hayop, pati agimat ng mga ito'y kinolekta na rin niya, pati ng wala ang ama niya tulad ng sa tamaraw at alupihan.

Inabot na siya ng gutom bago napasok ang Kaigolotan. Naghanap siya ng mataas na puno ng lawaan na mapagkukublihan ng kaniyang tungkong-kalan. Inilabas niya ang baong munting palayok. Hinugasan muna ito bago nagsaing. Para mabilis sa ginagawa, tinulungan siya ng mga tiyanak sa paligid. Sa sobrang carbohydrates, inantok siya. Itinusok sa lupa ang sibat, ipinatong sa ugat sa tabi ng kalan ang kalasag, pero nanatiling nakahanda ang kaniyang *buneng* (bolo).

Natulog siya. Nag-aagaw-malay siya nang muling marinig ang pamilyar na boses. Tinatawag siya ng kaibigan sa halip na anak. "Dalian mo Kaibigang Lam-ang. Pinagpipistahan nila ngayon ang aking bungo." Napaigtad si Lam-ang. Agad dinampot ang mga gamit.

Napasok niya ang pinakamadilim na bahagi ng kagubatan. Makapal ang mga puno't halaman sa paligid. Malamig ang simoy. Ito na nga ang kaibuturan ng Kaigolotan. Narinig niyang nagkakatuwaan ang mga ito. Lumakas ang ingay. Malapit na siya. Kita na niya ang pakay. Sa gitna ng kaguluhan ay ang bungo ng kaniyang ama. Nakatusok iyon sa dulo ng isang tikin. Sa silangan nakaharap ang bungo.

Sumulak ang dugo sa ulo ni Lam-ang. Si Juan Panganiban iyon, sabi ng lukso ng kaniyang dugo.

"Anong nagawa ng aking ama at inyong tinampalasan? Magbabayad kayo."

"Nagbayad na kami kaibigan. Mainam pa'y umuwi ka na lang."

"Anong kasalanan niya sa inyo?"

"Kinuha niyang lahat ng aming mga ginto. Ngayo'y gusto pa nilang makuha ang minahan. Kung katulad ka ng iyong ama, mamamatay ka rin."

Yung mga ginto, hindi niya iyon problema. Marami sila noon sa bahay. Yung kamukha siya ng kanyang ama, iisipin pa niya kung papayag siya, dahil wala naman iyong naiwang retrato sa kanila, bungo pa lang nito ang kaniyang nakikita. Pero yung mamatay din siya, hindi puwede, ibang usapan na iyon. Kani-kaniyang krimen lang sa buhay kaya kani-kaniyang labanan rin. At sa pakiwari ni Lam-ang ay wala pa siyang nagagawang krimen dahil ama lang muna ang pakay niya. No Way, sabi ng isip niya. Aanhin ang agimat na pang super hero kung nerbiyoso lang pala siya. Hindi niya aatrasan ang bantang deal or no deal.

"Mga taong tatoo, humanda kayo. Pero kokonti lang kayo. Para mas magara ang labanan, magpadami pa kayo. Isama nyo kaya ang buong angkan n'yo? Isama ninyo ang lahat ng may tatoo, sosyal man o istambay. Hindi ko kayo uurungan."

Tingin ng mga Igolot, may sayad ang kanilang kaharap, basag ang pula, may toyo sa utak. Etc. Sira sa madaling salita. Ala pagbigyan. Nag-*fotad* (sigaw pandigma) nang walang katapusan ang hinamon. Ini-relay iyon ng nakarinig na parang text na naresend sa lahat ng sulok ng Kaigolotan. Naging salidum-ay ang fotad. Habang nagpaparami ng participant sa gagawing labanan, naglibang muna sila. Nagpalitan sila ng nganga, hanggang inabutan na sila roon nang pagpasok ng mga bagong mangangalakal na naghahatid ng tabako at mascardong may pulot, na mas masarap ihalo sa dahon ng ikmo, apog at bunga. Malaunan, naging kuwadrado ng tabakong minatamis (mascardo). Dumami pa ang nakikinganga. High na talaga sila. Durog na'y sabog pa sa amats. Panay ang wow at bad trip nila pare. Pinapantasya na ng kanilang guniguni ang magaganap na labanan. Nang may madulas sa dura, saka nila naalalang giyera nga pala ang ipinunta nila roon at hindi ang pakikinganga.

Isang dura, isang pukol ng sibat at pana. Sa dami ng dura, parang umuulan ng pana at sibat, papuntang lahat kay Lam-ang. Nahihilo itong huli sa dami ng nanganga. Dahil pasuray-suray, hindi tumatama ang asinta. Nang mahimasmasan, siya naman ang pumorma. Simigaw din siya nang pagkalakas-lakas, tulad noong napagkamalang kalabaw ang kaniyang ama, para takutin ang mga kalaban. Kinausap niya ang mga agimat, na kasing kahulugan ng "Let's bolt in.

"Humanda kayo, ako naman!" Sabay hugot ng kaniyang buneng (bolo). Akala ng mga kalaban ay susugurin na sila, pero sa lupa tumaga si Lam-ang. Iniisip nila, ano kaya yon? Nakaluhod na yumuko sa lupa si Lam-ang.

Kinain niyang parang suman ang nahiwang lupa. Mahalaga iyon kay Lam-ang. Napansin kasi niyang ganoon din ang ginawa ng mga kalaban bago siya pinaulanan ng mga sibat. Ginawa niya para pawalang bisa ang magic ng kalaban. Kumbaga, quits na lang sila. Gusto rin niyang magsalidum-ay tulad ng ginagawa ng mga kalaban, kaya lang wala siyang tagasagot at ka-second voice. Hu Hamo na nga lang, sabi niya sa isip.

"Heto na ko." Babala niya. Tinawag din niya ang hanging habagat para tulungan siya. Ibinalibag ng hangin sa kung saan-saan ang lahat nang humara sa kaniyang daan. Parang mga tibang puno ng saging na bumubulagta sila, sa malayo, sa mas malayo, sa mas malaong-malayo. Mahangin talaga si Lam-ang. Iwinasiwas muli niya ang kaniyang buneng, waring magnet itong hinihigop ang kalaban. Nagugutay ang bawat mahigop nito. Kulang na lang ay maraming bawang at mistulang longganisang Vigan na, na sa pagmamadali ay hindi na naisilid sa nilinis na pantog ng baboy.

Sa dami ng kinaing lupa, sumobra yata ang lakas ni Lam-ang. Nag-iisa na lang ang taong tatoo sa harap niya. Wala pa itong galos ni latay. Sinugod siya ni Lam-ang.

"Heto nang katapusan mo." Hiniwa niya ang bibig nito. Tinusok sa mata at pinutulan pa ng tenga. Saka niya ito ito pinauwi. "Pasalamat kayo't mabait ako. Kung hindi'y inubos ko na kayo. Hala uwi, magpakita ka sa mga kamag-anak mo. Mag-umpisa ulit kayo ng lahi."

Umuwi siyempre ang kalaban, para isulat ang talagang nangyari. Sinong Lam-ang, Lam-ang yan? Kung nakuha pa nilang masakop ang Kaigolotan? Ano siya, hibang, tulad ng amo niya? Ano sila, bale? Paano mananalo ang mga sumusuko. Kahit amo n'yong dayuhan, hindi kami natalo, silang mga bataan lang? Basta si Kabunian pa rin ang the best, si Lam-ang? Wala yun kay Aliguyon at Ulalim. Pahabaan na lang ng kantahan, asa ka pa.

Hindi naman umuwi agad si Lam-ang. Naroroon na rin lang siya, sayang naman ang pagkakataon. Tinanggalan niya ng alahas ang lahat ng kaniyang napatay, pati ang makakapal na bracelet sa braso at binti na mga tanso lamang. Laking kayamana ang natanggal ni Lam-ang. Iniisip niya kung iyon din ba ang naging pakay ng kaniyang ama at big boss nitong si Gido Lavazarez, ang mamulot ng ginto sa loob ng kagubatan. Totoo walang napupulot lamang na ginto. Ang mahirap ay kung paano ito tatanggalin sa katawan ng mga patay. Iniisip din niya kung bakit tila suot ng mga ito ang lahat nilang mga alahas sa katawan. Armas din ba iyon? O para walang makukuha ang mga sumasalakay sa kanilang mga bahay? Saka na ang sagot.

Ang tiyak lamang niya'y hindi na siya makaugaga sa bigat ng mga nakubra niya. Ang pinakamaganda at mamahali'y isinupot na lamang niya, hanggang hindi na niya makuhang tumayo sa bigat. Kinailangan pa niyang gamitin ang agimat ng kalabaw para lamang mabitbit pababa at maiuwi ang kaniyang napanalunan.

Saka niya binaybay ang gilid ng sapang dinadaluyan ng dugo. Hanggang siya'y makabalik sa puno ng Ilog Amburayan. Dahil batang isip, hanggang bahay, hindi pa rin niya ganap na maunawaan ang mga pangyayari.

"Inang Namungan, anong kasalanan ang nagawa ang ama kong si Panganiban?"

Anong isasagot ng ina tungkol sa kasalanan? Ang naisip niya'y ang listahan ng mga kasalanang inihanay ni Padre Totanes. Nakipagyarian ka ba sa baka? Nakipagyarian ng maramihan? Mangalikot. Magpalabas. Hindi anak iyon ang kasalanan ng iyong Amang Panganiban. Pero mahalay iyong bigkasin sa anak, kaya ang sagot niya na lang:"Anong kasalanan? Hindi nga kami nag-aaway kahit misan. Under de saya ang ama mo, kaya nga siya'y isang mabuti at ulirang asawa."

Walang makapang matinong sagot si Lam-ang sa ina. Napakamot na lang siya ng ulo, mula ulo hanggang talampakan. Kating-kati siya talaga. Mula pagkabata'y naglagalag na siya. Sa tanang buhay niya'y hindi pa siya nakapaligo nang totoo. Sa lamig ba namang iyon sa Kaigolotan, maisip pa niya iyon. At sa bigat ng kaniyang mga suot noong pababa na siya, baka ikalunod pa niya ang paglulublob sa sapa at ilog. Isa pa'y naninilaw siya. Buti na lamang at hindi pa tag-ulan, kaya walang peligrong tamaan siya ng kidlat.

"Mainam pa Ina'y hambalusin mo ang iyong *longgan* para magsipunta rito ang mga kababaihan. Kailangan ko Ina ng pagkarami-raming kababaihan. Nangangati akong tunay, gusto kong maligo sa bukana ng Ilog Amburayan.

"Pero bago iyo'y, bisitahin muna natin ang matandang kamalig, iyong ang poste'y gawa sa molave na may sahig na yari sa *deraan,* na pinakntab ng *bellaang*. Maipawalis sa kanila ang mga patay na ipis, gagamba at ia pa. Luma na rin lang naman ang mga palay doon, ipamigay na sa kanila. Ang kukuhanin ko lang nama'y ang dayami. Pasisigaan ko't gagawin kong shampoo."

Oo lang nang oo si Namungan sa nagyayabang na anak. Pati nga mga alahas nito'y di na maganda at lupa pa'y ipinamigay ni Lam-ang sa mga kadalagahan. Talagang kailangan niyang magsuhol. Sa kapal ng libag

niya, ilang kababaihan ang nagpalit-palit sa paghihilod sa kaniya. Pati ang buhok nito'y hindi makuha nang kung ilang ulit na pagsa-shampoo. Pero pinagtiisan na rin nila, malaki naman ang pabuyang naghihintay sa kanila. Gusto sana ng mga kababaihan ay sa pampang na lang paliguan ang batang malaki. Sabi nila'y mabuti sa pampang para hindi magalit ang buwaya sa kanila.

"Anong buwaya-buwaya?" sabi ng Lam-ang. Ayon at pinagtripan pati ang nagtatagong buwaya. Ang totoo'y marami iyon pero nagpulasan. Maraming nakarating sa lungsod. Naging pulis ang small time at naging kongresista ang mga big time. May pipitsuging buwaya rin, tulad ng kaniyang ama.

Matapos maligo, naitala sa kasaysayan ng Iluko ang unang malaking kaso ng polusyon. Nangitim ang ilog, lumutang ang mga isda at hipong tabang. Bumuka ang mga kabibe at tulya. Umagos ang maduming tubig hanggang karagatan. Bumabaw ang ilog, bumara ang burak sa mga koral. Ay naku Lam-ang, sinira mo ang kalikasan, sabi ng mga ecologist na green peace.

Pagkatapos maligo'y pagporma naman ang inasikaso ni Lam-ang. Ipinalabas ang kaniyang pantalong checkered at panyong burdado, na magiging advance retro balang araw. May nabalitaan pala ito sa kung saan na may isang dalagang pagkaganda-ganda sa di lang maganda. Hahanapin niya ang bahay ni Ines Canoyan.

(Di na yon isasama sa kuwento, dahil copy righted na iyon sa isang telenovela.)

Tulad ng alin mang epiko, makukuha naman ang gusto. Ang ayaw ni Lam-ang ay ang ending ng kaniyang istorya. Kailangan niyang sumisid sa dagat para harapin ang kanyang *berkakan*. Hinarap iyon ng kaniyang mga ninuno, para lamang matuloy ang tradisyon.

Tinanong niya ang ina sa mangyayari.

"Dalawa lang anak ang puwedeng pagpilian. Mamatay ka o mabubuhay. Pag namatay ka, tulad ng iyong ama, maititigil ang istorya, pero kung mananatili kang buhay, para iyong isang sumpa. Lagi kang pag-uusaan. Pagtatalunan ang iyong buhay. Sa katagalan, kikinis ang iyong istorya. Iyon nga lang, sa dulo, hindi ka na totoo."

"Anong gagawin ko?"

"Anong magagawa ko? Ituloy mo ang istorya mo. Bahala na si Pero Bucaneg sa magiging dulo nito. Kahit bulag iyon, malakas ang guniguni."